maligayang pagdating!

Mga mahusay na pamumuhay sa kaaaya-ayang mga komunidad.

Impormasyon tungkol sa Community Living BC mga suporta at serbisyo

COMMUNITY LIVING
BRITISH COLUMBIA

Ano ang CLBC?

- Ang ibig sabihin ng CLBC ay Community Living British Columbia
- Suportado ang CLBC ng pera mula sa BC Ministry ng Pagpapabuti sa Pabahay at Lipunan
- Sinimulan ng mga indibidwal at pamilya ang CLBC na gustong magkaroon ng espesyal na ahensya upang tumulong sa mga taong may kapansanan sa pagiisep sa kanilang natatanging mga pangangailangan

Kung ikaw ay adultong may mga kapansanan sa paglilinang, o adultong kinakitaan ng Fetal Alcohol Spectrum Disorder (FASD) Spectrum Disorder o Autism Spectrum Disorder at nahihirapan kang gawin ang mga bagay tulad ng pamamahala ng pera at pamimili, makakatulong ang CLBC na matamasa ang mahusay na buhay at mabigyan ka nang mas maraming mga pagpipilian para sa trabaho, isang lugar upang mabuhay at mga aktibidad ng komunidad.

Ano ang ginagawa ng CLBC?

Nagsusumikap ang CLBC upang bumuo ng mga komunidad kung saan mararamdaman mong ligtas ka at tanggap. Ang ibig sabihin ng pakiramdam ng ligtas at tanggap ay ang pagkakaroon ng mahusay na trabaho, kumportable at ligtas na lugar upang mabuhay, at ang pagkakataon makipagkaibigan sa komunidad kung saan ka nakatira.

Paano sinusuportahan ng CLBC ang mga taong may mga kapansanan sa paglilinang?

Mayroong dalawang paraan na makakakuha ka ng tulong mula sa CLBC:

1. Makakapagbayad ka para sa mga direktang serbisyo mula sa perang matatanggap mo mula sa CLBC.
2. O makakakuha ka ng suporta mula sa mga samahan na direktang makakatanggap ng pera mula sa CLBC upang magbigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya.

Sino ang maaaring makakuha ng mga serbisyo ng CLBC?

Makakakuha ka ng tulong mula sa CLBC kung:

1. Lagpas edad 19 ka na at mayroon kang kapansanan sa paglilinang na nagsimula bago ka nag-18.
2. O kung lagpas edad 19 ka at napag-alamang mayroon kang Fetal Alcohol Spectrum Disorder o Autism Spectrum Disorder, at nahihirapan sa paggawa ng mga bagay nang mag-isa tulad ng pamimili at pamamahala ng pera.

Gumagamit ang CLBC ng espesyal na mga pagsubok upang magpasya kung sino ang makakakuha ng suporta ng CLBC. Makakapagbigay ang mga facilitator ng higit pang impormasyon sa iyo at sa iyong pamilya tungkol sa mga pagsubok na ito.

Ano ang papel ng CLBC Facilitator?

Ang mga facilitator ng CLBC ay ang mga taong nakakasalamuha mo kapag naghahanap ka ng mga serbisyo mula sa CLBC. Mabibigyan ka ng impormasyon ng mga facilitator at pagpapasya. Maaari silang makinig sa iyong mga alalahanin o maaari mong sabihin sa kanila ang tungkol sa kung anong mga serbisyo ang sa tingin mong kailangan mo. Matutulungan ka rin nilang malutas ang mga problema, makakonekta sa mga serbisyo ng komunidad, sumulat ng personal na plano o kumuha ng mga serbisyo. Karaniwang kasama ng personal na plano ang serbsiyo ng CLBC at iba pang mga suporta ng komunidad tulad ng mga social club, recreation program, trabaho, pagbo-volunteer at mga pinagkakalibangan.

Anong mga uri ng suporta at serbisyo ang binibigay ng CLBC?

Nagbibigay ang CLBC para sa mga suporta at serbisyo na maaaring mabili nang direkta ng mga karapat-dapat na adulto at ng kanilang mga pamilya o ma-access sa pamamagitan ng mga service provider o mga ahensya. Gamit ang alinmang pagpipilian, maaaring isama ng mga suporta ang:

- Pag-aaral ng mga bagong kakayahan na makakatulong na makamit mo ang iyong mga layunin
- Suporta para sa trabaho o iba pang mga aktibidad upang maaari kang maging aktibo sa iyong komunidad
- Tulong para sa pagtira sa komunidad
- Pagkonekta sa mga espesyal na suporta at serbisyo
- Pakikipagkaibigan at maging bahagi ng buhay sa iyong Komunidad

Paano nagsusumikap ang CLBC upang magbuo ng mga komunidad kung saan mararamdaman ng mga tao na ligtas sila at tanggap?

Tumutulong ang CLBC na bumuo ng mga komunidad kung saan mararamdaman ng mga tao na na bahagi sila sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa paglilinang, at paano nila maaaring gampanan ang kanilang bahagi sa kanilang mga komunidad. Ang proyekto ng CLBC na "Start with Hi" ay isang halimbawa kung paano namin hinihikayat ang mga komunidad upang tanggapin ang lahat ng tao. Hinihikayat ng Start with Hi ang lahat ng mga tao upang maging ligtas ang mga taong may mga kapansanan sa paglilinang at kabilang sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng mga maliliit na pagkilos, tulad ng pagsasabi ng hello.

www.startwithhi.ca

Kung mayroon kang anumang mga tanong o gusto ng higit pang impormasyon:

Mangyaring tawagan ang aming libreng numero: 1-877-660-2522

Bisitahin ang aming website sa: www.communitylivingbc.ca

COMMUNITY LIVING BRITISH COLUMBIA

Community Living British Columbia
Airport Square – 7th Floor
1200 West 73rd Avenue
Vancouver, British Columbia
Canada V6P 6G5

Tagalog
Mayo 2010